

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 28, 2020

Pakikipag-ugnay: Kate Kuykendall, 562.570.2679, kate.kuykendall@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inanunsyo ng Southwest Airlines ang Bagong Serbisyo mula sa Long Beach Airport

Long Beach, CA - [Inanunsyo](#) ng Southwest Airlines ngayon na magsisimula ito araw-araw, mga non-stop flight mula Long Beach Airport (LGB) patungong Austin at Phoenix. Ang hakbang na ito ay nagpalawak ng mga koneksyon sa buong bansa at halos dinodoble ang bilang ng mga one-stop na destinasyon ng Southwest mula sa LGB.

“Pinasasalamat namin ang Southwest Airlines sa kanilang buong tiwala sa aming paliparan at sa aming lokal na ekonomiya,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang Long Beach Airport ay isang pang-ekonomiyang makina para sa rehiyon na susi sa aming pinansyal na pagbawi mula sa coronavirus na pandemiya.”

“Ang bagong araw-araw na mga paglipad ay magsisimula sa Nobyembre at binubuo ng isang pang-araw-araw na paglipad sa Austin at tatlong pang-araw-araw na paglipad patungo sa Phoenix. Ang LGB ay mayroong 16 na mga nonstop na destinasyon, bagaman pansamantalang sinuspinde ang ilang mga serbisyo dahil sa COVID-19. Ang Austin ay pinaglilingkuran din ng JetBlue at Phoenix ay pinaglilingkuran ng American Airlines.

“Kami ay nagpapasalamat na ang Southwest Airlines ay patuloy na namumuhunan sa Long Beach Airport, lalo na sa mga mapaghamong oras na ito,” sabi ng Direktor ng Long Beach Airport na si Cynthia Guidry. “Sa pamamagitan ng maraming nakakarelaks na espasyo sa labas at isang small-town-feel, kami ay nakaposisyon bilang kanais-nais na paliparan sa paglalakbay sa mundo matapos ang COVID.

Una nang nagsimula ang Southwest Airlines ng serbisyo mula sa LGB noong 2016. Sa 53 na mga flight slot sa LGB, ang Southwest ay may hawak ng walong permanenteng flight slot at siyam na suplementong flight slot. Ang anunsiyo ngayon ay hindi nakakaapekto sa bilang ng mga flight slot na nakalaan sa Southwest Airlines.

“Ang Austin at Phoenix ay magiging pang-anim at pang-pitong lungsod na naka-link sa Long Beach at tumutugon sa demand para sa nonstop na paglakbay papunta at pabalik mula sa mga airport na ito, at nagbibigay din sa aming mga kustomer ng maraming koneksyon sa mga lugar na lampas sa kanila,” sabi ni Adam Decaire, Bise Presidente ng Network Planning ng Southwest Airlines. “Ang aming halaga at mabuting pakikitungo ay maayos na pumapareha sa madaling karanasan ng pasahero na binibigay ng Long Beach Airport sa kanilang mankakakbay.”

Ang LGB ay nagpatupad ng ilang mga hakbang upang mapalawak ang kaligtasan ng mga pasahero, kabilang ang pisikal na pagdistansya, bagong protokol sa pagdisimpekta, at isang pangangailangan sa lahat ng mga empleyado at pasahero na magsuot ng panakip ng mukha habang nasa airport. Magbasa tungkol sa mga hakbang na ito [rito](#).

Matatagpuan malapit sa mga border ng Los Angeles at Orange County, ang LGB ay malapit sa maraming pangunahing atraksyon sa Southern California.

Tungkol sa Lungsod ng City of Long Beach

Tahanan sa humigit-kumulang na 470,000 katao, ang multiple award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng world-class na amenidad ng isang malaking lungsod na metropolitan habang pinapanatili ang isang pakiramdam ng indibiwal at kakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang full-service charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, at maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school district, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Health, Parks, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding unibersidad at kolehiyong panlungsod na may mataas na respeto, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 na parke, milya milya ng beach, marinas, landas ng bisikleta, at isang programa sa Bike Share.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa: <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang ma-update sa mga bagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

Tungkol sa Long Beach Airport

Itinatag noong 1923, ang Long Beach Airport (LGB) ay ang pinakalumang paliparan sa California. Ang isang bagong concourse sa pasahero ay nagbukas noong 2012 at mula

noon ay nakakuha ng papuri para sa modernong disenyo at arkitektura nito, lokal na kainan, at madaling karanasan sa paglalakbay. Kabilang sa maraming mga parangal nito, ang LGB ay pinangalanang isa sa Top 10 na paliparan sa 2020 *USA Today* 10Best Reader's Choice travel award contest para sa Best Small Airport. Ang LGB ay nag-aalok ng walang tigil na serbisyo sa maraming lungsod ng U.S. habang sinusupportahan ang isang malusog na pangkalahatang paglipad sa komunidad na may higit sa 300,000 taunang operasyon. Ang paliparan ay isa ring malaking mapagkukunan ng aktibidad pang-ekonomiya at trabaho, kasama ang LGB Aviation Complex na bumubuo ng \$8.6 bilyon na epektong pang-ekonomiya at pagsuporta sa 46,000 na trabaho. Ang LGB ay isang enterprise ng Lungsod ng Long Beach na sumusuporta sa kanilang sarili at hindi tumatanggap ng mga lokal na dolyar ng buwis. Ipinagmamalaki ng Paliparan ang sarili sa pag-preserba ng pinapahalagang makaysaysayang pamana at pagpapanatili ng isang ligtas, sustainable, at responsableng operasyon sa kapaligiran. Sundan kami sa Facebook Instagram at Twitter @LGBAirport.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###